Magbawas. Muling Gumamit. Magresaykel.

Hinihimok namin kayo na tawagan ang isang lokal na kawanggawa upang maghandog ng inyong hindi na gusto pero muling magagamit na mga aytem. Makipag-ugnayan sa San Mateo RecycleWorks sa **1-888-442-2666** o **www.RecycleWorks.org** para sa impormasyon tungkol sa kung paano kayo magkakapaghandog.

Ang mga Bentahan sa Garahe ay isa ring magandang mapipili para sa pag-aalis ng mga hindi na gusto pero magagamit pang mga aytem. Maraming website, kabilang ang www.craigslist.org ang nag-aalay ng mga libreng paglalagay para sa nagbebenta.

Kung may mga tanong kayo tungkol sa hahakutin o hindi hahakutin ng aming mga drayber, tawagan po lamang ang Allied Customer Service sa **(650) 756-1130**.

alliedwastedalycity.com

1680 Edgeworth Avenue, Daly City, CA 94105

ALLIED WASTE SERVICES

A REPUBLIC SERVICES COMPANY

Ang Iyong Petsa ng Paglinis ay: M T W Th F

____ / ____ / ____

Confirmation#

Kalakip nito ang mga patnubay para sa inyong nakatakdang taunang paglilinis

ALLIED WASTE SERVICES

A REPUBLIC SERVICES COMPANY

Pagkuha ng Pinakamalaking Pakinabang sa Inyong Paglilinis ng Tabi ng Gilid ng Bangketa

Pagtulong sa Ating Komunidad na Manatiling Malinis at Luntian

Kalakip ang Inyong Petsa ng Pagkuha at mga Patnubay

alliedwastedalycity.com

(650) 756-1130

Mga Patnubay sa Taunang Paglilinis

Ang Allied Waste Services of Daly City ay nag-aalay sa mga parokyano nito sa Daly City, Colma at Broadmoor ng isang taunang "sa pamamagitan ng appointment" na libreng paglilinis sa pagitan ng Enero at Disyembre. Ang mga parokyano ay inaatasan na makipag-ugnayan sa Allied Waste nang hindi kukulangin sa dalawang linggo bago ang paghakot sa pamamagitan ng pagtawag sa (650) 756-1130 upang itakda ang isang appointment para sa personal na araw ng paghakot para sa inyo.

- Maghahakot kami ng hanggang 12 32-gallon na laki ng bag ng basura o mga bigkis na hindi hihigit sa 2-cubic yards (sa dami na pupuno sa 96-gallon carts).
- Lahat ng basura ay dapat na nasa bag, nakabigkis, nakakahon o nasa sisidlan (maliban sa malalaking bulto ng mga bagay), at hindi dapat tumimbang ng higit sa 60 lbs. bawat isa.
- Maaari kayong maglagay ng 2 malaking aytem na hindi hihigit sa 200 lbs. Bawat isa
- Kung kayo ay may malalaking aytem na tulad ng mga muwebles, appliance, sofa bed, atbp. mangyaring sabihin ito kapag nagtatakda ng appointment dahil ang Allied Waste ay magpapadala ng isang espesyal na trak upang bigyang-daan ang mga ikakargang ito.
- Ihanda po lamang ang inyong mga aytem bago lumampas ang 4:00 am sa araw na itinakda para sa inyo.

Karagdagang Impormasyon

Mangyaring ipagbigay-alam sa Allied nang hindi kukulangin sa 24 na oras bago ang inyong nakatakdang paglilinis kung ang mga karagdagang aytem ay nangangailangan ng paghakot. **Ang Allied hindi maaaring tumanggap ng mga elektronikong basura, tulad ng mga telebisyon at mga monitor ng computer.**

Serbisyong may Kaugnayan sa Kahon ng mga Labi

- Kung mas marami ng inyong mga aytem kaysa ipinahihintulot, ang Allied Waste ay nag-aalay rin ng karagdagang **paghakot/at o serbisyong may kaugnayan sa kahon ng mga labi.** Tandaan po lamang na may mga karagdagang singil para sa mga ekstrang paghakot ng materyal at serbisyong may kaugnayan sa kahon ng mga labi.
- Ang mga serbisyong may kaugnayan sa kahon ng mga labi ng Allied Waste ay mula sa 8-cubic yards hanggang 30-cubic yards. Para sa karagdagang impormasyon at upang magtakda ng paghahatid tumawag sa (650) 756-1130 o magpadala ng email sa info@alliedwastedalycity.com

Ano ang Hindi Hahakutin ng Allied

Para sa kaligtasan ng aming mga parokyano at empleyado, hindi maaaring hakutin ng Allied ang mga sumusunod na aytem:

- Mga sasakyang de-motor
- Mga motorsiklo
- Mga parte at baterya ng sasakyan
- Mga labi ng konstruksiyon (dumi, bato, stucco, semento)
- Maiinit na abo
- Dumi ng hayop
- Poison oak
- Mga pangkomersiyong refrigerator
- Mapanganib na Basura (mga nakalalasong bagay, pintura, thinner)

Ang Mapanganib na Basura ay **hindi** tinatanggap sa mga panahon ng nakatakdang paglilinis o sa panahon ng regular na serbisyong paghakot. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano itatapon ang Mapanganib na Basura ng Bahay, mangyaring tawagan ang San Mateo County sa **(650) 363-4718** o bisitahin ang **www.smhealth.org/hhw**.

Salamat po sa pagtutulungan upang panatilihin ang ating komunidad na malinis at luntian!